

Hanep ang porma ng blood-sucker count. Parang tunay. Plus factor pa na kasalukuyang bumubuhos ang malakas na ulan. May suot itong fake fangs at pulang contact lenses. Straight body, stiff posture lalo na sa bandang leeg, maiitim na mga kilay, at sinadyang blangko ang ekspresyon ng mukha nitong parang nasubsob sa harina. Sayad sa sahig ang itim na kapa nitong pula ang inner linings.

Kapag nagpahara-hara ito sa karimlan ng gabi ay hindi malayong atakehin sa nerbiyos ang makakasalubong nito. Kaya nga upon arrival pa lang ng mga VIP guests na recipient ng complimentary drinks promo ay ipinapaalala na sa mga ito ang pagdalaw sa kuwarto ng vampire host para maiwasan ang gulatan.

Hawak sa kamay ang dalawang champagne glasses, kumatok sa pinto ang male vampire.

“Wait!” narinig niyang sigaw ng boses babae mula sa loob ng kuwarto.

Bumati ng magandang gabi ang staff. “*Bună seara, Ma’am!* We are your hosts and we want to welcome you to the hotel. May we come in?”

“Sure. One moment...”

Sigurado si Drake na tinig ni Luanne ang narinig niyang iyon. Hindi pa rin pala niya nakakalimutan ang timbre ng boses nito.

He would admit that he was very pleased to hear the soothing sound of her voice again.

Pero ang mas hindi niya makakalimutan ay ang mala-anghel na haplos ng mga palad nito. Sabik niyang hinintay ang paglabas ng dalaga. Ilang sandali pa ay narinig na niya ang nagmamadali nitong mga yabag.

“Hello,” agad na bati ng Count sa pinalagom at pinabagal na tinig pagkabukas ng pinto.

“H-hi...” nag-aalangang bati ni Luanne habang titig na titig sa kausap. Halatang nagulat ito sa nakita at halos takasan ng kulay ang mukha.

Lihim na napangiti si Drake nang makitang bahagyang napaatras ang dalaga nang humakbang palapit si *Dracula* para iabot dito ang champagne flute.

*Spooky Luanne hasn't changed...*

“Nona,” tawag nito sa roommate. “Ikaw nga ang humarap sa mga ito. Maryosep naman—” Natigilan ito at nanlaki ang mga mata nang mapatingin sa gawi niya.

Parang mas ikinagulat pa nito ang presensya niya. Pinaglipat-lipat nito ang tingin sa kanya at kay *Dracula*.

“D-Drake? Ikaw ba 'yan? Ano'ng ginagawa mo dito?”

Lalo siyang nangiti sa reaksiyon ni Luanne. Kaya naging

habit noon ni Nel na gulatin ito dahil gumaganda umano lalo ang babae kapag natatakot. Ngayon lang niya naintindihan ang kaweirduhan ng pinsan.

“Ako nga. Dito ako nagtatrabaho.”

“Katulad ka rin nila?” Nilinga nito ang staff. “Uhm, I mean, kung kasama mo sila?”

“Yes.” Naintindihan niya ang takot sa mga mata ng dalaga kaya kinuha na lang niya ang bote ng champagne at champagne flutes mula sa staff bago dinispatsa ang mga ito. Siya na lang ang magpo-propose ng toast sa bisita. “May I come in?”

“Pasok ka. Whew! Akala ko totoo. Ninerbiyos ako sa hitsura ng bampirang iyon.”

“Halata nga. Here, it will calm your nerves.” Inabutan niya ito ng champagne flute. “Nasaan ang kasama mo?”

“Nasa banyo. Pasensya na, Drake. Ayoko ng alak. Tubig ang kailangan ko.” Kinuha nito ang bottled water sa mesa at tinungga ang laman niyon pagkatapos ay sapo ang dibdib na nagpaliwanag. “Nagulat talaga ako. Hindi ko kasi alam na mayroong ganyang *chenez* dito kahit hindi Halloween.”

“Sorry din. I could see na hindi kayo na-inform.” Hinagod niya ng tingin ang kabuuan nito. Walang masyadong nagbago. Maganda pa rin si Luanne. Kung hindi siya nagkakamali ay twenty-eight na ito ngayon. “Trademark na ng hotel ang complimentary

drinks from the host. Buhay pa ang parents ni Lola Constantina nang umpisahan ang tradisyon na 'yan.”

“Ha? Ibig sabihin, sa inyo ang hotel na ito?”

“Sa relatives ni Lola.” Muli niyang inialok ang champagne. “Inumin mo pa rin ito para bumalik ang rosy cheeks mo.”

Sa pagkakataong iyon ay tinanggap na ni Luanne ang champagne flute. Habang sumisimsim ito ay napansin niya ang kamay nitong nakahawak sa long-stemmed glass. Suot pa rin nito ang singsing na regalo ni Nel.

Kilala niya ang singsing dahil siya ang bumili niyon. Busy noon ang pinsan kaya nakisuyo sa kanya. He chose the ring not according to his cousin's preference but according to his own. It was the type of ring he thought would fit Luanne. Lihim siyang nagpantasya na siya ang nobyo ng dalaga at siya ang magbibigay rito ng singsing.

Pabiro siyang sinisi ni Nel na malas daw siyang pumili ng singsing. Ilang buwan kasi mula noon ay naghiwalay na ang dalawa.

Sa kabila niyon ay naging magkaibigan pa rin ang mga ito. Iyon siguro ang benepisyong kapag friendship ang foundation ng relationship. Mawala man ang romance, the friendship would still be there. Pero mukhang hindi iyon natanggap ni Nel kaya mas pinili nitong sa Transylvania magtrabaho at paminsan-minsan na lang umuwi sa Pilipinas.

“Nagtataka ka ba kung bakit suot ko pa rin ito?” untag ni Luanne. Napansin pala nitong nakatitig siya sa singsing. “Nakakainis kasi ang pinsan mong ’yon. Sa tuwing hindi ko isinusuot, palaging nagpapapansin sa panaginip ko. Totoo yatang pinadasalan niya ang singsing na ito.”

“Naniwala ka naman. Alam mong palabiro ’yon at nasisiyahang nakikita kang natatakot.”

“Alam mo ba ang sinabi niya? Pina-install-an daw niya ito ng curse.” Luanne’s eyes rolled with disbelief but it was evident that she was amused by the person she spoke of.

Hindi niya maialis ang tingin dito habang nagsasalita ito. Ewan ni Drake kung bakit ang gusto lang niyang gawin sa mga sandaling ito ay titigan ang maamong mukha ng dalaga.

“Kapag suot ko daw ang singsing na ito, hindi ako liligawan ng ibang lalaki. Shungak talaga ’yon. Paano pang may manliligaw sa akin, eh, mukhang wedding ring ito sa biglang tingin?” patuloy nito.

Simple lang ang yari ng singsing; parang wedding band nga, pero may naka-adornong glittery precious stones.

Surprisingly, they both laughed at her remarks.

Ilang minuto pa lang silang muling nagkita pagkalipas ng napakaraming taon pero parang palagay na agad ang loob nila sa isa’t isa. Waring nakikita niya ang pinsan sa kanyang sarili

ngayon. He was unreservedly at ease with Luanne. Dati ay medyo aloof sa kanya ang dalaga. At lalo itong dumistansya sa kanya noong... mahalikan niya ito.

May naramdaman siyang guilt sa ginawa pero hindi niya iyon pinagsisisihan... o pagsisisihan. The truth was, he considered that kiss the most special kiss in his life. Nanliligaw pa lang noon ang pinsan kay Luanne kaya siguro naman ay hindi masyadong mortal ang nagawa niyang pleasurable sin.